**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR**
**AND PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**June 29, 2020 (11:03 – 11:06 A.M.)**

**SEC. ANDANAR:** Magandang umaga Pilipinas. Sa lahat po ng ating mga kababayan sa loob at labas ng bansa – muli ninyo kaming samahan sa pagbibigay impormasyon tungkol sa COVID-19 dito sa ating bansa – ako po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar.

**USEC. IGNACIO:** At ako naman po si Usec. Rocky Ignacio kasama ninyong aalam sa pinakahuling hakbang ng pamahalaan laban sa pandemya.

**SEC. ANDANAR:** Basta laging handa at sama-sama, kaya natin ito. Kaya naman samahan ninyo kami sa Public Briefing #LagingHandaPH.

**COVID-19 count muna tayo:** Kahapon, June 28, 2020 ay nakapagtala ng 653 new cases ng COVID-19 sa bansa kung saan 485 sa mga ito ang fresh cases habang 168 ang late cases. Sa kabuuan, umabot na sa 35,455 ang kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa Pilipinas; Nasa 9,686 ang kabuuang bilang ng mga gumaling matapos itong madagdagan ng 258 kahapon habang nasa 1,244 ang mga nasawi na nadagdagan ng walo.

Sa nakalipas na isang linggo ay kapansin-pansin na bahagyang bumaba ang reported cases kahapon kung ihahambing sa mga kasong naitala noong June 23 na umabot sa 1,150 at 1,006 noong June 26.

Malaking bahagi sa bilang ng mga kasong naitala kahapon o nasa 55% ang nagmula sa Metro Manila, 20% o 131 cases ang naitala sa Central Visayas, 137 cases sa ibang rehiyon at 4% or 29 cases mula sa hanay ng mga repatriate. Nasa higit dalawampu't apat na libo naman ang mga active cases kung saan karamihan sa mga ito ang nakararanas ng mild symptoms, 3.7% or 898 cases ang walang sintomas or asymptomatic, habang nasa 125 cases ang severe at 24 cases ang nasa kritikal na kondisyon.

**USEC. IGNACIO:** Sa patuloy pong pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa bansa, muli't muli po ang aming paalala na manatili sa ating mga tahanan at huwag nang lumabas kung hindi naman kailangan. Panatilihin ang physical distancing sa lahat ng oras at palaging maghugas ng kamay. Nananatili pa rin ang banta ng COVID-19 sa ating bansa, at hindi ibig sabihin nagluwag na ng restriction ang ating pamahalaan ay ligtas na tayo mula sa pagkakaroon ng sakit. Let us stay vigilant at all times.

Para po sa inyong katanungan at concerns tungkol sa COVID-19, maaari ninyo pong i-dial ang (02) 894-COVID o kaya ay ang (02) 894-26843. Para naman sa PLDT, Smart, Sun at TNT subscribers, i-dial po ang 1555. Patuloy rin po kayong makibalita sa mga pinagkakatiwalaang sources ng impormasyon tungkol sa COVID-19, maaari ninyong bisitahin ang covid19.gov.ph.

**SEC. ANDANAR:** Maya-maya kasama nating magbabalita sina John Mogol mula sa Philippine Broadcasting Service, Eddie Carta mula sa PTV-Cordillera, John Aroa ng PTV-Cebu at si Jay Lagang ng PTV-Davao.

**USEC. IGNACIO:** Para naman sa ating mga balita, Senator Bong Go nagpaabot ng tulong sa J.R. Borja General Hospital sa Cagayan De Oro City. Kamakailan po ay tinurn-over ng opisina ng Senador ang ilang medical supplies at equipment, kagaya ng ultrasound machine, face masks at thermal scanners mula sa donasyon ng Pilipinas Shell Foundation Incorporated para po matulungan ang J.R. Borja General Hospital kontra COVID-19.

Bukod dito ay namahagi rin ang Senador ng food packs para sa mga frontliner ng ospital. Sa isang pahayag ay sinabi naman ni Acting Chief ng J.R. Borja General Hospital na malaking tulong ang mga kagamitan na ito para mas marami pang pasyente ang kanilang maserbisyuhan. Naging malaking tulong din ang Malasakit Center na isa rin sa mga isinulong ng Senador para matulungan ang nasa 4,500 patients ng ospital sa pamamagitan ng one-stop shop services nito.

**SEC. ANDANAR:** Makakasama natin ngayon sa ating Public Briefing si Senator Panfilo Lacson, at maya-maya po si LTFRB Chairman, Attorney Martin Delgra III.

Unahin po natin na makakapanayam, ang dating Hepe po naman ng Philippine National Police at batikang policymaker who served in the Senate from 2001 to 2013 and 2016 up to the present. We have Senator Panfilo ‘Ping’ Lacson. Magandang umaga po sa inyo Senador at welcome po sa Public Briefing.

**SEN. LACSON:** Secretary Martin, magandang umaga. Kay Usec. Rocky, magandang, magandang umaga rin at sa lahat ng tagapanood at tagapakinig. Magandang umaga sa ating lahat.

**SEC. ANDANAR:** Sir, unahin po natin ang usapin tungkol sa Anti-Terrorism Bill. Currently ay pinag-aaralan ito ng Office of the President at ayon kay Secretary Roque, the President is inclined to sign this into law. DOJ also submitted their comments on the said bill. Nagkaroon po ba kayo ng communication with DOJ Secretary Guevarra sa comments na ginawa nila sa panukalang ito, Senator Panfilo Lacson sir?

**SEN. LACSON:** Hindi mismo kay Secretary Guevarra kundi doon sa pinapadala na Undersecretary. Mula’t sapul noong kami ay nagkakaroon ng pagdinig dito, iyong mga committee hearings, even during the floor deliberations, nandiyan iyong Undersecretary ng DOJ at maging sa mga roundtable discussions noong pina[garbled] na namin na version nitong batas nandiyan pa rin sila, kasi ang DOJ, member din siya ng Anti-Terrorism Council so kailangan kami ay makipag-ugnayan sa kanila every step of the way.

**SEC. ANDANAR:** Senator in a statement, you mentioned that the Marawi siege could have been prevented kung mayroon lang Anti-Terrorism Law noon. Why do you think so, sir, and can you please paint us a scenario where this bill could have helped in preventing the said Marawi siege para mas maintindihan po ng ating mga kababayan how this bill would work?

**SEN. LACSON:** Two things 'no, dalawang features sa Anti-Terrorism Bill na hindi kasama doon sa ating Human Security Act. Iyong una, iyong tinatawag nating inchoate offenses ano; kapag sinabing inchoate offenses, hindi pa nangyayari iyong harm, iyong damage pero iyong pagpaplano, iyong pag-training, pag-facilitate tinatrato natin na crime in itself at kaya puwede na ring maparusahan.

Kaya ang sinasabi natin noong tanungin ako ni - I think Gov. Bong Lacson ng Negros Occidental - kung ma-preempt ba. Sabi ko definitely kayang ma-preempt pero hindi naman natin sinasabing na-preempt dapat pero kayang ma-preempt sana dahil nga doon sa mga bagong probisyon na narito.

Iyong pangalawa, iyong Terrorism Financing Prevention and Suppression Act, na kulang sa mekanismo, dinagdagan natin na kung saan iyong Anti-Terrorism Bill puwedeng magdagdag sa Anti-Money Laundering Council, na ayon naman sa batas na ito, sa 10168, iyon nga iyong Terrorism Financing Prevention and Suppression Act na kung saan agad-agad puwedeng i-freeze ng Anti-Money Laundering Council – ulitin ko, hindi ng Anti-Terrorism Bill iyong lumabas na kontrobersiya na binanggit ng mga nagki-criticize – para ma-freeze kaagad at ma-deny iyong resource ng mga terorista.

Ang nangyari sa Marawi siege, hindi naman nagkulang ang intelligence doon kasi na-monitor nga nila pero wala silang legal tool para ma-preempt kasi nga hindi pa kasama iyong dalawang provision dito. So kung agad-agad nasawata iyong flow ng funds ng mga Maute/ISIS, eh kukulangin sila ng resources at kung sakaling [garbled] iyong [garbled] eh [garbled] at armado sila ng batas, eh malamang sa hindi, na-preempt nila iyong Marawi siege. Iyon ang context ng sinabi kong it could have been prevented.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Senator, magandang umaga po – may mga nagsasabi po na malabo daw po iyong definition ng terrorism sa panukalang ito. Pero bilang proponent po ng naturang bill, can you please define to us ano po iyong meaning ng terrorism doon po sa context nitong Anti-Terrorism Bill?

**SEN. LACSON:** Kung babasahin natin—thank you, Usec. Rocky. Kung babasahin natin iyong Section 4, nandoon lahat iyong definition ng terrorism, iyong acts at saka iyong nature and context pati iyong purpose ano. Kasi ni-limit natin na iyong—ang guidance na lang natin o guidelines na lang natin dito, act plus purpose. Kasi kung iyong [garbled] ating titingnan [garbled] approved iyong acts of terrorism kung hindi kailangan [garbled] iyong intent and purpose. Dinagdagan pa natin ng probisyon dito na iyong terrorism as defined shall not include advocacy, protest, ito iyong nakapaloob sa Bill of Rights natin ng ating Constitution, so [garbled] na hindi … parang kinwalipay [qualified] natin na hindi kasama iyong mga legitimate o iyong advocacy, protest, dissent, stoppage of work, etc., etc.

Nandoon lahat iyon. So hindi ko [garbled] nanggagaling iyong malabo iyong definition kasi kung binasa lamang nila iyong depenisyon under Section 4, hindi nila sasabihin na malabo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Senator, siguro isa po doon sa dahilan kung bakit may ilan po sa ating mga kababayan iyong medyo tutol po dito sa Anti-Terrorism Bill dahil po sa misinformation at

disinformation na kumakalat sa social media. Ano po ang masasabi ninyo dito; at mayroon po ba kayong ginagawa para po i-correct iyong mga ganitong maling notion ng mga tao patungkol dito sa naturang panukala?

**SEN. LACSON:** Katulad ng oportunidad na pinagkaloob ninyo sa akin ngayong umaga, lahat ng available na platform, nakausap ko na iyong PNP, iyong Management Association of the Philippines, iyong League of Provinces of the Philippines; at kung ano iyong available na platform na para maipaliwanag at ma-enlighten iyong ating mga kababayan para iyong mga misplaced na kanilang perception bunga na nga ng katakut-takot na disinformation, misinformation at saka misinterpretation.

Halimbawa, isang napaka-glaring na misinterpretation dito iyong pinakakontrobersiyal siguro, ito iyong lagi kong ini-explain, iyong Section 29 na kung saan sinasabi nila [garbled] authority o power iyong Anti-Terrorism Council na i-authorize ang ating military personnel o iyong mga law enforcement agents na mag-aresto. Iyon po ay napakalayo po sa katotohanan. Kung babasahin po natin iyong Section 29, iyong title mismo, detention ang sinasabi rito, detention without judicial warrant. Kasi [garbled] ang ating inaamyendahan dito, pinu-propose na ma-amend iyong Article 125 ng Revised Penal Code, hindi iyong [garbled] kasi hindi natin puwedeng galawin iyon o amyendahan dahil iyon ay rules of court ng judiciary – Supreme Court iyong puwedeng mag-revise ng mga rules of court; at tulad nang ginawa nga nila noong 1985, ni-revise nila iyong rules of court patungkol sa mga warrantless arrest.

Iyon, at binigyan pa natin ng mga ano rito, mga katakut-takot na safeguards kasi [garbled] under the Human Security Act na agad-agad ay [garbled] iimpormahan iyong pinakamalapit na korte ng pinangyarihan ng pag-aresto at saka iyong copy furnished iyong Anti-Terrorism Council. Dinagdagan pa natin ito [garbled] Commission on Human Rights ay agad ma-notify in writing nung mga nag-aresto based on a valid warrantless arrest. Ang binibigay na authorization in writing ng ATC, hindi iyong pag-aresto. Base sa lawful arrest, iyong sa under Rule 113, ang bibigyan ng written authorization ng ATC, iyon iyong magsasagawa ng custodial investigation dahil hindi naman lahat ng pulis, hindi lahat ng military ay mayroong special trainings sa pagha-handle ng custodial investigation.

Noong experience ko nga noong chief PNP ako, hindi lahat ng pulis [garbled] of arrest eh. Ang naggagawa pa doon ay iyong nagha-handle ng custodial investigation. [Garbled] doon sa mga naarestong terorista na lawful or valid warrantless arrest na sumasang-ayon sa Section 5, Rule 113.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Senator, with your permission, may tanong po iyong ating kasamang si Joseph Morong ng GMA-7. Ito po iyong tanong niya para sa inyo: Sa Section 9 daw po, can we elaborate because that includes speeches, iyong sinasabing inciting to terrorism. And puwede kaya iyong mga rally?

**SEN. LACSON:** Hindi. Kapag inciting to sedition, ini-incite mo iyong mga tao para mag-rebel. Ito, ini-incite mo para mag-commit ng act of terrorism na properly defined naman, adequately defined under Section 4.

So sinama natin iyong inciting to commit acts of terrorism kasi nga para sa pagpaplano pa lang o sa pagri-recruit ano, sa pag-facilitate ay mayroon nang karampatang aksyon na puwedeng gawin ng ating mga alagad ng batas, otherwise, magkukulang iyong ngipin ng batas. Kasi ang alalahanin natin, ang terrorism [garble] damage hindi lamang sa buhay ng tao, mga inosenteng sibilyan ang talagang target nito for a maximum impact ano, 'di ba. Nangyari naman iyan sa 9/11 o kaya rito sa Zamboanga, sa Marawi at kung saan-saan pang lugar. Ang target talaga nila ay iyong makapag-create ng … iyong mag-sow ng fear o kaya takot na takot iyong ating mga kababayan ano.

So iyon, magkaibang-magkaiba doon sa sinasabing inciting to sedition kasi iyon nag-i-incite para mag-rebellion, para i-take down iyong gobyerno. Ito, hindi; acts of terrorism ang pini-prevent natin dito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Senator, under the proposed bill as probed by the Congress, sabi ninyo nga po kanina, kahit iyong mga inchoate offense o iyong mga pinaplano pa lang na terrorism acts, kahit hindi pa po nangyayari ay maaari nang sampahan ng kaso. Who would be the judge kung ang isang act po ay papunta na sa terrorism?

**SEN. LACSON:** Iyong korte ang magsasabi na [garbled] papasok dito sa mga inchoate offenses na tinatawag. Generally, hindi naman napa-punish talaga iyong inchoate offenses maliban na lang iyong crime na iyon, iyong offense na iyon ay crime in itself tulad [garbled]. Iyong punishable na rin mismo iyong inchoate offense like, halimbawa, mayroong [garbled] mga pulis sa liblib na lugar doon sa Basilan o sa Sulu tapos nakakita sila ng mga tao na sa tingin nila ay mga terorista, may mga simulation ng suicide vest, detonating devices tapos ti-training na sila. Eh alangan namang iyong ating pulis ay maghihintay pa ng actual na pagsabog at hindi sila [garbled] sa nakita nilang maliwanag na paghahanda o pagti-training, paghahanda ng mga pasilidad para magsagawa nang malawakang [garbled] sa iba't ibang lugar ano.

Halimbawa, simbahan o palengke o kaya iyong mga critical infrastructure tulad ng, halimbawa, irrigation dams o kaya tore ng linya ng kuryente, palagay ko naman ay hindi nararapat ng iyong pulis [garbled] maghintay na, hintayin muna nating sumabog bago umakto o umaksyon. Hindi ba nararapat lamang [garbled] tinatawag na inchoate offenses kasi iyon mismo dapat maging punishable kasi iyong inchoate offense as defined, as described dito sa ating panukalang batas ay [garbled] independent [garbled].

**SEC. ANDANAR:** Senator, ano pa po ba iyong mga safeguards para masasabing hindi maaabuso ang karapatang pantao kapag naisabatas ang panukalang ito? Halimbawa na lamang sa warrantless arrest, kung saan maaaring i-detain ang suspect, suspected terrorist for 14-days with an allowable 10-day extension. How can our kababayans be assured that this particular provision will not be abused?

**SEN. LACSON:** Thank you, Sec. Martin. Ang unang-una, kapag halimbawa naaresto base doon sa tinatawag na warrantless arrest under Rule 113 Section 5 ano, agad-agad, kailangang i-notify ng pulis na nag-aresto iyong huwes, iyong ATC at saka Commission on Human Rights. At para hindi maabuso iyong karapatang pantao, iyong Commission on Human Rights ay dapat nandiyan kaagad para mag-inspect, mag-imbestiga, kunin iyong mga records. Kung iyon lamang, iyong

the mere failure on the part of the law enforcement agents na i-notify iyong huwes, puwede siyang makulong ng sampung taon bukod pa doon sa perpetual absolute disqualification from holding public office. At iyong kaniyang … lahat ng pension, mga retirement benefits, tanggal iyon sa kaniya, hindi niya makukuha. At kung hindi identified, halimbawa, hindi nagpapa-identify iyong nag-aresto, ang mananagot at makukulong ng sampung taon ay iyong kaniyang superior officer. So isa iyon.

Pangalawa, iyong Anti-Terrorism Council ang siyang magde-deputize dito sa mga alagad ng batas na magsasagawa ng custodial investigation. At kung walang written authority as mentioned doon sa section 29, hindi maski sinong Tom, Dick and Harry na miyembro ng PNP o kaya ng AFP ay puwedeng gumawa ng custodial investigation.

Iyong sa pag-apply naman ng sa surveillance, iyong technical or electronic surveillance na tinatawag, eh Court of Appeals iyong ating binibigyan ng authority rito, hindi lamang iyong Regional Trial Court Judge. Kasi sa under RA 200 iyong Anti-Wiretapping Act eh, RTC lamang ang puwedeng magbigay ng judicial authorization.

Ang isa pang safeguard dito ay information. Ang lahat ng proceeds, lahat ng makakalap na information o ebidensiya sa pagwa-wiretap, classified iyon, hindi puwedeng ipagkalat, ipamudmod. At hindi [garbled] seguridad ng mga dokumento o iyong mga na-wiretap na materials.

At ang puwede lamang mag-release, iyong Court of Appeals, iyong in-authorized ng Korte Suprema na authorized division ng Court of Appeals, ang puwede lamang. At ganoon din, kapag nag-violate iyong alagad ng batas na nag-wiretap at ito ay hindi niya pinangalagaan o kaya dinelete niya o kaya may tinanggal siya doon, kulong siya at ganoon din ang mga parusa – administrative at saka criminal.

**SEC. ANDANAR:** Senator, ano po ang inyong reaksiyon sa mga comments na sa hinaba-haba ng proseso na napag-usapan sa senado, sa kongreso ay puwede namang mag-ingay iyong mga ayaw iyong mga ayaw sa bill na ito during that time. Eh kung kailan pa pumasa sa kongreso, sa senado ay doon sila mag-iingay and making this a media warfare. Ano po ang inyong comment doon?

**SEN. LACSON:** Well, una ini-encourage nga natin iyong public discourse, mag-ingay sila ngayon para mapag-usapan tulad ng ginagawa natin. Siguro kung hindi rin sila nag-ingay eh wala tayong diskusyon kasi walang controversy. Ine-encourage natin iyon, dangan nga lang, huwag naman sila mag-engage sa disinformation, misinformation sa pamamagitan ng parang malicious iyong interpretation nila eh. Iyong section 23 nila, bakit pinipilit nila na iyong [unclear] ang nagre-refer sa ina-amendahan natin iyong warrantless arrest.

Eh, samantalang kung susuriin natin – ako ulit-ulit, binasa ko nga ulit iyong nakalagay detention – hindi naman, kung saan ang babaguhin natin iyong warrantless na arrest noong tao iyong title, hindi detention, ibig sabihin ito iyong delivery of person arrested without judicial warrant sa proper judicial authorities through to public prosecutor.

Iyon lang in-amend natin, hinabaan natin na dati sa Human Security Act, three days iyon eh, pero dito ang ginawa natin 30 days kasi ito iyong ang hiling nga ng ating mga security officials. Kung puwede daw 30 days, puwede naman talaga i-amend iyong article 125, kasi general law iyon under Revised Penal Code. At maski iyong pag-uusap ng mga constitutional convention delegates, binalikan namin iyon, eh sa pagpapaliwanag, iyong 30 days na sinasabi ng mga kritiko na maximum under the Constitution iyan ay maliwanag na nagre-refer lamang doon sa kapag sinuspinde ng Pangulo ang privilege of the writ of habeas corpus, hindi ito sumasaklaw sa ibang krimen na nasa ilalim ng Revised Penal Code.

Ang talagang maliwanag nasa usapan Commissioner Sarmiento, si Commissioner Padilla, noong nagde-deliberate sila talagang naka-focus lang sila doon sa kapag sinuspinde. Kasi nga iyong lesson ng martial law ang tinitingnan nila na noon kapag sinunspinde ng Presidente iyong privilege ng writ ay forever nang makukulong without filing charges, so nilimit nila ito ng three (3) days.

Iyon ang safeguard na pinasok nila doon sa 1987 Constitution. Iyong mga nagdi-disinform, iyong mga nagmi-misinterpret doon na lang dalhin iyong tatlong araw na safeguard doon sa sa kapag na-suspinde iyong writ. Pinipilit nilang dalhin, na iyon na daw ang maximum detention period or [unclear] period kapag nag-aresto iyong ating mga police officers, mali po iyon.

Ilang beses ng pinapaliwanag doon lamang sila naka-focus doon sa suspension of privilege of writ, hindi puwedeng i-restrict, hindi na-restrict noong Constitutional Commission iyong poder ng Kongreso na mag-amiyenda ng batas o kaya ng policy decision. Ngayon, iyong 14 days, na-extend din po ng another ten days by authority of the Court, at hindi naman ATC iyong... another disinformation.

Sabi nila, ATC daw iyong magde-determine noong period of detention, mali po iyon ang nagbibigay ng authorization ng period of detention iyong batas mismo, ang ATC coordinate lang, at saka taga-monitor. At another disinformation, ipinapalabas nila, ATC na iyong magbibigay ng period of detention. Iyong ten days na extension, korte naman ang puwede lang mag-authorize na mag-extend sa pamamagitan ng request, kailangang i-kumbinsi nila iyong court, iyong ating law enforcement agents na kung puwede, hindi rin ito arbitrary, unilateral sa ATC o sa mga enforcement officers natin na basta na lang mag-extend.

**SEC. ANDANAR:** Senator why do you think this bill requires urgency na kailangang maisa-batas na ito?

**SEN. LACSON:** Ang terorismo, wala itong pinipiling [garbled] hindi naman natin puwedeng sabihan iyong mga terorista – pakiusap lang po huwag muna kayo mag-bomba, kasi mayroong COVID – hindi naman po tayo papansin noon at sila ang hinahanap nila, siyempre oportunidad at saka iyong maximum impact. So, kapag sinabing urgent, iyong Anti-Terror Bill is always an urgent measure, kasi nga terrorism knows no timing at boundaries, nor borders. So dapat laging handa tayo sa pamamagitan ng isa potent o sasabihin na nating mayroon tayong strong legal backbone to address terrorism.

Kasi ito, iyon na ngang United Nations sa pamamagitan ng kanilang security council, [garbled] pati iyong ating action task force, na kung saan nilista nila iyong Pilipinas under gray list, partially compliant lang tayo, kasi nga walang mekanismo iyong RA10168, iyong Terrorism Financing Prevention and Suppression Act.

Kaya nilagyan natin ng mechanism na kung i-designate ang Anti-Terrorism Council – base doon sa United Nations Security Council Resolutions 1373, isang terrorism group, ang isang grupo, organizations bilang isang terrorist organization – ay puwede nang mag-apply ng ex parte mag-apply sa Court of Appeals, kumbinsihin ang Court of Appeals para mag-proscribed or kaya maggawa ng ex parte application para magsagawa ng electronic surveillance.

**USEC. IGNACIO:** Senator, sa ibang isyu naman po tayo. Alam po namin na isa po kayo sa sumusuporta doon sa pag-imbestiga ng Office of the Ombudsman doon sa diumano ay over pricing po ng PPE procurement ng Department of Health, pero ano po ang masasabi ninyo na nag-express pa rin po si Presidente Duterte ng full trust to DOH Secretary Duque sa gitna po ng mga isyung ito.

**SEN. LACSON:** Unang-una, prerogative ng Pangulo na mag-hire and fire ano, at wala naman puwedeng magkuwestyun. Ang kinu-kuwestyun lang po namin, kami 14 kaming senador, nagpirma pa ng resolution, nagpasa kami ng resolution calling for the resignation of Secretary Duque. [garbled] kami pagkatapos nga ng ano namin, ang pinaka-latest nga, mismong si Iloilo City Mayor Treñas, nanawagan din siya sa pagre-resign, pati po iyong mga health workers natin nanawagan din na magpahinga muna si Secretary Duque.

But having said that, hindi naman natin kinukwestyon iyong authority or prerogative ng Pangulo para i-retain at bigyan ng tiwala. Ang isang komento dito, USec. Rocky, Sec. Martin mawalang galang, parang mali yata iyong presumption na—o kaya iyong teorya na kapag mayaman na iyong tao hindi na magnanakaw. [garbled] sang-ayon yata doon na ang isang tao kapag sobrang dami na ng bilyones hindi na siya gagawa ng—wala na siyang gagawing to further enrich himself. Parang hindi tama iyong teorya.

**SEC. ANDANAR:** Marami po ang nagsasabi na talagang mahalaga ang pagkakaroon po ng national ID that could have helped in contact tracing at sa pamamahagi rin ng Social Amelioration Program ng pamahalaan. Ano po ba ang update—well, ano po ba ang iba pang dahilan kung bakit kailangan natin ang national ID bukod po dito sa na-experience po natin during the distribution of the Social Amelioration Program? And at the same time, marami rin ang magrereklamo dito, Senator, dahil nga siyempre iyong mga leftist po ay hindi po gusto ito.

**SEN. LACSON:** Tulad niyan, mabuti at nadala natin iyong usapan sa national ID. Noong una naming—ako rin ang sponsor nito eh [garbled] at noon kasalukuyan naming dinidinig ito at iniisponsoran, maingay din eh, iyong mga like leftist group, mga progressive bloc kung saan ayaw na ayaw nila pero ngayon noong lalo na't nagkaroon ng pandemic, na-realize ng karamihan ng ating mga kababayan, of course, I hope pati iyong mga progressive bloc ma-realize din nila kung gaano ka-importante ang national ID sa ating pangkalahatan, sa ating lipunan.

Unang-una, mas madali ang pag-deliver ng Social Amelioration fund, iyong assistance [garbled] SAP, na kung saan tukoy kaagad natin kung sino iyong dapat kaagad, iyong mga poorest of the poor; iyong mga below poverty line, iyon ang—kung mayroong national ID, hindi magkakaroon ng mga double counting o kaya iyong barangay chairman medyo mag-aabuso na [garbled] ibibigay; labag doon sa sinasaad sa Bayanihan Act na P5,000 hanggang P8,000.

Ang huli naming pag-uusap sa isang teleconference din kay Sec. Karl Chua ng NEDA pati sina Sec. Dominguez, Setyembre iyong susunod nilang… I think ito ito iyong bidding na isasagawa para nang sa ganoon bago matapos ang taon makapag-rollout na kasi medyo delayed na ngayon rin ito eh. Naipasa ito 2018 at ang unang timeline nito by January of 2019 noong isang taon ay dapat na-rollout na ito, na-postpone ito nang May; na-postpone ulit nang July, ngayon papunta [garbled]. Eh, nangako naman iyong NEDA at saka iyong mga nangangasiwa dito na bago matapos iyong termino ni Pangulong Duterte eh kumpleto na, implemented na iyong ating national ID.

Napakalaking bagay nito. Hindi lamang ito sa security concerns natin kung hindi pati doon sa pagbibigay ng tulong, iyong social assistance, iyong social programs ng gobyerno, napakalaking bagay nito itong ating national ID.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Senator, November last year po naghain kayo ng panukala along with other Senators para po isama bilang separate subject ang GMRC o iyong Good Manners and Right Conduct sa K to 12 and this was signed into law by the President just recently. But with the current situation po ng blended learning measure, paano po kaya magiging effective iyong batas na ito?

**SEN. LACSON:** Unang-una, tama iyon, isa ako sa mga co-authors dito at nagpapasalamat kami sa ating Pangulo na napirmahan na para maisabatas na. Kaya nga lang inabot tayo ng COVID-19 kaya dapat talaga plantsahin nang husto kung papaano maisasama sa curriculum.

Sa aming pag-uusap, hanggang Grade 3 ituturo ito. Ewan ko kung inabot mo ito, USec. Rocky, pero kami umabot kami sa GMRC noong araw na talagang subject na talagang isinasadibdib namin talaga ito dahil uso pa iyong [garbled] ng mga teacher noon at saka iyong pinipingas sa tainga kaya kami talagang sunod kami talaga sa mga [garbled] at talagang nakatagos sa mga dibdib namin iyong GMRC. At sana magawan ng sapat na adjustments kung papaano natin maipapatupad kaagad itong subject na GMRC. Call na ito ng Department of Education kung papaano nila isasagawa ito [garbled] sa pamamagitan iyong outreach program kasi hindi nga puwede iyong face-to-face muna sa ngayon. So mainam na rin na paghandaan kung papaano natin effectively maipatutupad iyong GMRC Law.

**SEC. ANDANAR:** Senator, balik po tayo sa Anti-Terrorism Bill. Ano po ang inyong mensahe sa mga kababayan nating nangangamba at may pag-aalinlangan pa rin sa pagpapasa ng panukalang ito?

**SEN. LACSON:** Sana po huwag tayong basta makinig doon sa paulit-ulit kong sinasabi na maling interpretasyon ng mga kumukontra. Ang dapat kung talagang gusto nating malaman ang

epekto nito, alalahanin natin ang nangyari sa Jolo Cathedral, sa Zamboanga Siege, doon sa Marawi Siege; pati iyong Indonesian couple nakapasok na nga rito.

Ang nangyari kasi number nine tayo sa buong mundo na most negatively impacted ng terorismo at dahil kulang iyong ating batas kumpara sa mga karatig bansa, eh tayo ay nagiging safe haven. Iyong mga ISIS nga gusto dito na mag-establish ng caliphate ano at ito ay palalawakin nila hindi lamang sa Marawi kung hindi pati sa iba't-ibang lugar ng Mindanao and God forbid huwag naman sana dito sa Metro Manila kasi nangyari na rin itong mga ilang pagsabog dito. Iyong Rizal Day Bombing, hindi ba?

Kaya dapat talaga ang isipin natin iyong kapag tayo ay lumalabas ng bahay o maski hindi tayo lumalabas ng bahay at may nangyaring pagsabog, hindi ba ang unang pumapasok na takot sa atin it could have been me or it could have been my family.

So, dapat magkaroon sana tayo ng tiwala sa pamahalaan, sa ating alagad ng batas kung saan hindi naman para abusuhin ito kaya nga katakot-takot na safeguards ang ating inilagay dito para nang sa ganoon maiwasan iyong abuso.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong pagpapaunlak, Sen. Panfilo "Ping" Lacson. Mabuhay po kayo, sir!

**SEN. LACSON:** Mabuhay kayo Sec. Martin, USec. Rocky and always stay safe not only from the virus but from terrorist activities.

Maraming salamat!

**SEC. ANDANAR:** Salamat po, Sen. Panfilo Lacson.

Talagang mapalad tayo USec Rocky at nakasama natin si Sen. Panfilo Lacson para malinawan ang ating mga kababayan sa kahalagahan nitong Anti-Terrorism Bill.

Samantala, alamin naman natin ang mga balitang nakalap ng Philippine Broadcasting Service mula sa ating mga lalawigan kasama si John Mogol.

Good morning, John!

[NEWS REPORT BY MAY FORMARAN]

[NEWS REPORT BY JOCELYN MORANO]

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat John Mogol, mula sa PBS Radyo Pilipinas.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, tuloy-tuloy pa rin po ang programang Hatid Tulong ng pamahalaan na naglalayong tuluyang makauwi ang mga kababayan nating itinuturing na locally stranded individuals (LSI).

Panoorin po natin ito.

[VTR]

**SEC. ANDANAR:** Sa puntong ito ay makakapanayam natin sa kabilang linya ang chairperson ng Land Transportation and Franchising Regulatory Board (LTFRB) Atty. Martin Delgra III.

Welcome back to the program, sir.

**CHAIRPERSON DELGRA:** Magandang umaga po, Sec. Martin at USec. Rocky at magandang umaga rin po sa inyong mga milyon-milyong tagapakinig at nanonood dito sa programang ito all across the country.

Magandang umaga ulit!

**SEC. ANDANAR:** Atty. Martin., from the estimated 9,000 UV Express plying the streets before the lockdown, ngayong araw ay pinayagan na po ang nasa 980 units. Kumusta po ang naging biyahe nila at may bagong rules at regulations ba na kailangang malaman ang commuters sa pagsakay sa mga UV Express?

**CHAIRPERSON DELGRA:** Magandang tanong po iyan. Sec. Martin. Unang-una, itong ngayong araw na ito binuksan na po natin iyong mga ruta for the UV Express; 47 routes covering 980 units all across Metro Manila. If you would recall, naumpisahan po nating magbukas ng public transport when Metro Manila was reclassified from ECQ to GCQ starting June 1. So, inumpisahan po natin iyong bus, because we are following the hierarchy of modes of public transport when we deployed public transportation services.

And based on that rule on hierarchy, mauuna iyong isang mode kung saan mas maraming makakasakay so, obviously iyon po iyong bus. Pagkatapos noon, second in preference would be the modern jeepney at nabuksan na rin po natin iyong mga ruta ng mga modern jeepney last week, sunod-sunod po iyan tatlong araw - Monday Wednesday, Friday last week. Ngayong linggo po, nagbukas na rin tayo ng UV Express, as mentioned earlier on the number of routes and the number units that we had.

Having said that, hindi po ibig sabihin na dating gawi in so far as iyong pagpapatakbo ng UV Express is concerned. Ano po ibig sabihin nito? Although the UV Express, the original concept of which, is actually point-to-point and that is what we have been telling them – point-to-point. And in fact, this is the original point-to-point service. Eh ngayon mayroon na tayong isang point-to-point, ang ginagamit po natin, bus, iyong P2P buses. But the original concept was actually laid down when the UV Express was opened up many years ago. However, ang nangyayari overtime sumasakay at bumababa anywhere else between end points.

So, hindi na po natin pinapayagan iyan sa ngayon and strictly they have to take passenger doon sa pinanggalingan nila at ibababa nila iyong mga pasahero doon sa babaan nila doon sa destinasyon because there are actually, aside from the fact that I have mentioned earlier na ito talaga iyong original concept ng UV Express, but we need to address public health consideration.

Hindi po natin ma-monitor nang husto kung iyong UV Express po ay magbababa at sasakay kung saan-saan man and that's the reason why among the policies that we have put in place for the operation of the UV Express is that: Una, iyong bayaran po ng—iyong pagbabayad ng pamasahe sa UV Express gagawin na po doon sa terminal at iyong pag the-thermal scanning po ng mga pasahero gagawin din po sa terminal. Iyong pagmo-monitor, iyong tinatawag nating contact tracing system that we have required of them gagawin din po doon sa terminal.

So, iyon po ang mga patakaran na naidagdag na minandato natin doon sa mga EV Express operator na pinayagan nang bumiyahe ngayong araw.

**SEC. ANDANAR:** Considering na magiging limited po ang pasahero ng bawat unit, papayagan po ba ng LTFRB kung sakaling mag-propose ng dagdag pasahe ang mga PUV unit na ito?

**CHAIRPERSON DELGRA:** Good question, Sec. Martin and that has been asked of LTFRB and DOTr for the past… a month or so because we actually have started opening the routes to public transport as early as May 16 doon sa ibang lugar ng Pilipinas when the regions were reclassified to GCQ and even until now.

And what we have been saying consistently is that heto po iyong—our principal stakeholder eh iyong mananakay, milyon-milyon po sila. Eh, matagal na po silang hindi nakapagbalik-trabaho at mahirap naman din po na pagbalik trabaho nila at sasakay sila ng public transport ay dagdag pasanin iyong dagdag pasahe na gagawin natin sa kanila. So, we have been saying that we will not increase any fare of whatever modes whether it be bus, UV, PUJ, even taxi and TNVS.

Having said that, iyong Department of Transportation po ay gumagawa at nagagawa na po iyong mga hakbang kung saan matutulungan iyong mga public utility vehicle operators na may dagdag ayuda para sa kanila. There has already been a program for fuel subsidy for buses and PUJ as well as UV Express. It's already being worked out now, hopefully it will be rolled out anytime soon para matulungan na rin po iyong mga tumatakbong mga bus, UV Express at jeepney.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ayan… Attorney, marami po kasing nagtatanong kung kailan ba daw talaga papayagang bumiyahe ang traditional jeep? Umaaray na po kasi iyong mga drivers. May napag-usapan na po ba iyong LTFRB at ang IATF kung kailan sila puwedeng magbalik-biyahe?

**CHAIRPERSON DELGRA:** Opo. As we have mentioned earlier, last week if I may say, na pinaplano na ho iyong pagbalik ng mga traditional jeepney but we would like to emphasize again na iyong pagbabalik ng mga traditional na jeepney eh kailangan sila ay roadworthy. Mahigpit na direktiba po ito sa Department of Transportation na pinapayagan po natin at papayagan na iyong mga traditional jeepney so long as they're road worthy. At alinsunod narin po ito iyong sinasabi po natin kanina na polisiya on the hierarchy of public transport. Kaya sila po ay mapapayagan na ngayong linggo, pero inaayos na po natin at isinasapinal na natin iyong memorandum circular that we will issue, hopefully tomorrow or Wednesday at the latest po.

**SEC. ANDANAR:** isa rin sa pinangangambahan ng jeepney drivers ang tuluyang phaseout ng mga traditional jeepney para bigyang-daan ang Jeepney Modernization Program. Ito po ba ay nakikita ninyong mangyayari sa mga susunod na buwan?

**CHAIRPERSON DELGRA:** Magandang tanong po iyan, Sec. Martin. Since you have mentioned the modernization program on our public utility vehicles, matagal na po ito. Nagsimula po ito three years ago, 2017 at tuloy-tuloy po ito hanggang ngayon. But we would like to clarify na iyong jeepney as a mode will ply, will still to continue to run on the street.

Ang binabago po natin dito under the modernization program, hindi lang po iyong unit na makikita natin na mausok, bulok, pati na rin po iyong sistema sa likod ng makikita natin na mga lumang sasakyan na mga jeepney. Ito po iyong sistema na boundary system that has been proven to be inefficient for many-many years kaya nga ang sinasabi natin dito, tuloy-tuloy po ang modernization program.

However, huwag na nating isipin na dahil nga daw pahirap na, ang nangyayari sa ngayon and yet pinu-push pa rin natin iyong modernization program. Alam ninyo po, mas mahihirapan tayo kapag titigil tayo dito sa modernization program na ito dahil itong modernization program na ito ay nakakatulong po sa lahat. In fact, nakatutulong ito sa ating mga tsuper at sa ating mga operator.

The first, if I may have to emphasize that point on modernization, huwag na muna tayong mag-isip ng gastos, huwag na muna tayong mag-isip sa ngayon pagdating sa magkano iyong presyo ng bagong sasakyan. Ang una po nating sinasabi rito na the first point of modern—or the first component of modernization na kailangan nating gawin, iyong tinatawag po nating consolidation.

Ico-consolidate natin iyong mga paisa-isang mga prangkisa sa bawat unit. Ito po, ay nangyayari sa mga PUJ at ginagawa na rin po natin nang hakbang doon sa ibang modes kasi po iyong modernization program hindi lang po ito para sa PUJ, this covers all modes of public transport. But why the emphasis on the PUJ mode? Because wala po tayong modernization program sa PUJ ever since. Ngayon lang po nangyari ito sa ilalim ng ating administrasyon ng ating mahal na Pangulo, ni Mayor Rody Duterte, na nangyayari ito na nai-push natin iyong modernization program. At tiwala kami na nangyayari na po starting January of 2018 hanggang ngayon tuloy-tuloy din po ito.

Now, I would like to emphasize na iyong consolidation of the franchise is one key element kasi po ang ina-address natin dito hindi lang po iyong pagbabago ng mga unit kung hindi iyong pagbabago ng bulok at lumang sistema, iyong tinatawag nating boundary system. let’s take away that system and bring in a new modern system by which the drivers would be able to earn more ands would be able to serve better our commuters.

Iyong sa boundary system I just want to probably take—highlight a few points. Iyong boundary system parang isang kahig isang tuka, kapag hindi ka makakapagtrabaho wala kang mapagkakakitaan. But under the consolidated component of our modernization program eh salary-based po iyong driver, mayroon pong mga benepisyo and it can run under a fleet-managed program by which the use of the unit would be running more efficiently than having to run it na paisa-isa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, pahabol lang ni Joseph Morong: Kailan naman daw po iyong provincial bus babalik?

**CHAIRPERSON DELGRA:** Good question din po. Tuloy-tuloy po iyong pag-uusap natin dito. Alam po natin—actually, we're getting feedbacks from all across the country and I think the question of Joseph is actually about the provincial buses that's originating from Metro Manila going out or from the provinces getting into Metro Manila.

It's the same challenge that we have in other regions and that's the reason why we need to coordinate closely with the DILG and we also would need to get the nod of the IATF when do we, at some point in time, open up the provincial bus routes.

There has been issues about whether papayagan ba iyong mga LGU kung saan ito ay dadaan or kung saan patutungo doon sa mga rehiyon na iyan, kung papayagan ba and that's the reason why we need to address that in an inter-agency approach, more particularly with DILG.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong panahon, Atty. Martin Delgra, ang chairperson ng LTFRB.

Stay safe po, Attorney.

**CHAIRPERSON DELGRA:** Salamat din po and stay safe din po kayo.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, makibalita muna tayo sa norte, mula sa kasama nating si Eddie Carta ng PTV-Cordillera.

[NEWS REPORT BY EDDIE CARTA]

**SEC. ANDANAR:** Salamat, Eddie. Puntahan naman natin si Jay Lagang mula sa Davao.

[NEWS REPORT BY JAY LAGANG]

**SEC. ANDANAR:** Salamat, Jay.

At diyan nagtatapos ang ating programa para sa araw na ito. Ako po ang inyong lingkod, Sec. Martin Andanar mula sa PCOO.

**USEC. IGNACIO:** At mula pa rin sa PCOO, ako naman po si Usec. Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Hanggang bukas pong muli dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)